3

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikalawang Markahan – Modyul 4: Ikaw at Ako Masaya! Kapag Tayo'y Nagkakaisa!




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

CO_Q2_EsP3_Module4

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Edukasyon sa Pagpapakatao– Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 4: Ikaw at Ako Masaya! Kapag Tayo'y Nagkakaisa!**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo ss Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Rina A. Albano

**Editor:** Althea S. Llameg, Arlene U. Lastimoso, Amor A. Sarinas, Arlene C. Mariano, Jocelyn E. Oyog

**Tagasuri:** Edwin C. Pameroyan, Vicente A. Pines Jr., Edgardo D. Pamugas III, Rolibeth M. Labadia

**Tagaguhit:** John Mark I. Lambino

**Tagalapat:** Marco R. Abellon, Emmanuel S. Gimena Jr.

**Tagapamahala:** Allan G. Farnazo, Mary Jeanne B. Aldeguer, Analiza C. Almazan, Ma. Cielo D. Estrada, Lorenzo E. Mendoza, Felix I. Antecristo, Ernie E. Agsaulio, Nelia Q. Madelo, Alirna O. Andoy

**Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon XI**
Office Address: F. Torres St., Davao City
Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147
E-mail Address: region11@deped.gov.ph*lrms.regionxi@deped.gov.ph

3

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikalawang Markahan – Modyul 4: Ikaw at Ako Masaya! Kapag Tayo’y Nagkakaisa!

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

# Alamin

Ang modyul na ito ay maingat na ginawa para sa iyo. Naglalaman ito ng mga gawain na sadyang ginawa para sa mag-aaral na kagaya mo. Tinatalakay nito ang tungkol sa kasiyahan sa pakikiisa sa mga gawaing pambata.

Pagkatapos ng mga gawain sa modyul na ito, inaasahan na maipamamalas mo ang kakayahang:

- Nakapagpapakita nang may kasiyahan sa pakikiisa sa mga gawaing pambata, hal.: paglalaro, programa sa paaralan (paligsahan, pagdiriwang, at iba pa) (EsP3P- IIh-i-17).

## Subukin

**Panuto:** Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

1. Ang sumusunod ay mga katangian ng pakikiisa na may kasiyahan sa kalooban, maliban sa isa:
   a. Pagsali sa mga programa sa paaralan
   b. Nasisiyahan kapag kasama ang ibang bata
   c. Nagagalit kung kasama ang ibang bata sa paglalaro
   d. Pagpapakita ng magandang katangian sa ibang bata

2. Sa kabila ng iyong kapansanan, napili kang maging lider sa isang paligsahan ng inyong paaralan. Ano ang nararapat mong gawin upang sundin ka ng iyong mga kaklase?
   a. Hindi kikibo at pababayaan na lang.
   b. Hahayaan mo ang mga kaklase mo na sila ang gagawa.
   c. Magpunta sa guro at sasabihin na hindi mo kaya ang gawaing ipinagagawa.
   d. Tawagin ang mga kaklase at pag-usapan ang dapat gawin upang maisakatuparan ang mga gawain.

3. May sasalihan kang patimpalak sa paaralan ninyo, at isa rin sa mga kalahok ay ang matalik mong kaibigan. Ano ang gagawin mo?
   a. Magpalakas sa mga hurado.
   b. Pabayaan at magpatuloy sa patimpalak.
   c. Takutin ang kaibigan para hindi magpatuloy.
   d. Makipag-usap sa kaibigan na kahit anong mangyari, manalo man o matalo, magkaibigan pa rin kayo.

4. Maipakikita mo ang pakikiisa sa iyong kapuwa bata sa pamamagitan ng ________________.
   a. Paglalaro na mag-isa.
   b. Pagmamalasakit sa kapuwa
   c. Pagpapakita ng takot sa Diyos.
   d. Pagtulong sa mga gawain sa paaralan kasama ang ibang bata.

5. Isa sa programa sa paaralan ay ang Brigada Eskwela. Paano ka makatutulong upang maisakatuparan ang ganitong gawain?
   a. Gagawa ako na mag-isa.
   b. Sasali na lang sa susunod.
   c. Mag-ipon ng lakas para makatulong sa Brigada Eskwela.
   d. Magyaya ng mga kaibigan at makikiisa sa gawain ng paaralan.

# Aralin 1 Ikaw at Ako Masaya! Kapag Tayo'y Nagkakaisa!

Mapapansin sa mga kabataan sa kasalukuyang panahon ang pagkahilig sa mga gadyet. Isa ito sa tinukoy na mga kadahilanan kung bakit nababawasan ang kanilang oras sa pakikisalamuha sa kanilang kapuwa bata. Lingid sa kanilang kaalaman, mas lubos ang kasiyahan kung ang bata ay bukas sa pakikilahok sa gawain.

## *Balikan*

Itinalakay sa naunang modyul ang tungkol sa kalagayan ng pangkat etniko. Natutuhan natin mula sa modyul ang pagbibigay pansin, ang paggalang, at ang pagsaalang-alang sa katayuan, kalagayan, at ang pagkakaiba-iba ng bawat pangkat etniko. Natutuhan din natin ang kahalagahan ng pakikibagay.

**Panuto:** Sagutin sa iyong sagutang papel ang sumusunod na mga tanong.

1. Bilang isang bata, nakikisalamuha ka ba sa iyong kapuwa?

2. Nakikiisa at nakikilahok ka ba sa mga gawain sa paaralan o sa inyong pamayanan?

3. Ano ang naidulot ng iyong pakikiisa sa mga gawain? Ipaliwanag ang iyong sagot.

# *Tuklasin*

**Panuto :** Nakalista sa tsart ang mga programa o pagdiriwang na ginagawa sa paaralan. Lagyan ng tatlong tala (☆☆☆) sa ikalawang kolum kung ikaw ay nakasali na, at isang tala (☆) naman kung hindi pa. Sa ikatlong kolum naman ay iguhit ang masayahing mukha (🖳) kung ikaw ay nasiyahan sa ginawa mo, at malungkot na mukha (✆)kung hindi. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

| Programa/Pagdiriwan g | Pagsali | Naramdaman |
|---|---|---|
| *Feeding Program* | | |
| *Nutrition Month Parade* | | |
| *Boy Scout/Girl Scout Encampment* | | |
| *District Meet* | | |
| Awit ng Tanghalan | | |
| Paligsahan sa pagsasayaw | | |
| Tagisan ng Talino | | |
| Brigada Eskwela | | |
| Patimpalak sa Pagtula sa Buwan ng Wika | | |

**Panuto:** Sagutin ang sumusunod na tanong batay sa gawain sa itaas. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ano-ano ang mga programa/paligsahan na sinalihan mo na sa paaralan?

2. Alin sa mga programang pampaaralan na iyong sinalihan ang lubos kang nasiyahan? Bakit?

3. Bakit ka sumali sa mga programa o pagdiriwang na iyon ng inyong paaralan?

4. Paano mo maipakikita ang pakikiisa sa mga gawaing pambata tulad ng programa o pagdiriwang sa paaralan lalo na sa kasalukuyang sitwasyon ng ating bansa?

## *Suriin*

Sa panahon ngayon, sa paaralan man o pamayanan, maraming gawain na nangangailangan ng pakikilahok at pakikiisa sa paggawa. Mapapansin natin na bawat tao, bata man o matanda ay nagtutulungan at nagkakaisa sa paggawa.

Bilang kabataan, wika nga, tayo ang pag-asa ng bayan. Kung kaya't ngayon pa lang, kahit sa murang edad natin ay kailangang matuto tayong tumulong na may kasiyahan sa puso at marunong makiisa at makisama sa kapuwa.

# Pagyamanin

**Panuto:** Suriin ang sumusunod na mga sitwasyon. Lagyan ng tsek (✓) kung ito ay nagbibigay sa iyo ng kasiyahan at pakikiisa, at ekis (**X**) naman kung hindi. Ilagay ang sagot sa sagutang papel.

1. Pagsali sa paligsahan sa paaralan
2. Pakikiisa sa mga gawain sa pamayanan
3. Pakikipaglaro sa ibang mga bata
4. Pakikilahok sa Brigada Eskwela
5. Pagsali sa mga pangkatang gawain
6. Kasamang masaya ang ibang bata sa pagtatanim
7. Mag-isang naglalaro
8. Sumasayaw sa entablado
9. Sumasali sa mga paligsahan sa pag-awit
10. Nakikilahok sa mga kaganapan tuwing *scouting month* (babae o lalaki)

# Isaisip

**Panuto:** Isulat kung paano mo maipakikita ang iyong pakikiisa na may kasiyahan sa mga gawain. Ito ay maaari mong ipahayag sa pamamagitan ng pagsulat, pagpinta, o pagguhit batay sa iyong nararamdaman (halimbawa nito ay ang iginuhit na larawan ng mga batang masayang namumulot ng basura) at sagutin ang mga tanong sa ibaba. Ilagay ito sa isang malinis na papel.



- Ano ang mabuting dulot ng iyong pakikiisa na may kasiyahan sa mga gawain?
- Ano ang kahalagahang maidudulot nito sa iyong kapuwa?



# *Isagawa*

**Panuto:** Magtala ng limang gawain na pinakagusto mo at nasisiyahan kang salihan. Ito ay maaaring nasa paaralan o pamayanan. Isulat ito sa sagutang papel.

| Mga Gawain | Dahilan sa Pagsali o Pakikilahok |
|---|---|
| 1. | |
| 2. | |
| 3. | |
| 4. | |
| 5. | |



# *Tayahin*

**Panuto:** Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat sa iyong sagutang papel.

1. Nabalitaan mong mayroong gaganaping patimpalak sa pagkanta sa inyong paaralan. Naisip mo ang bago mong kaklase na si Josie dahil alam mong mayroon siyang talento sa pagkanta sa kabila ng kaniyang pagkamahiyain. Paano mo siya kukumbinsihing sumali?
   a. Takutin para kumanta.
   b. Aawayin para kumanta.
   c. Bibigyan siya ng pagkain para sumali.
   d. Kakausapin siya nang maayos na nararapat niyang ibahagi ang angking talento.

2. Sumali kayo sa patimpalak sa pagsasayaw sa inyong barangay. Isa sa mga hurado ay kakilala ng kagrupo mo. Ano ang gagawin mo?
   a. Ngingitian ang hurado.
   b. Magpalakas sa hurado.
   c. Ipakita ang kasiyahan at pakikiisa sa pagsasayaw.
   d. Kakausapin ang hurado na kaibigan ng kagrupo mo na kayo ang dapat manalo sa patimpalak.


3. Naglalaro kayo ng iyong mga kaibigan. Napansin mo na may isang bata na gustong sumali sa laro ninyo. Ano ang gagawin mo?
   a. Aawayin ninyong magkakaibigan ang bata.
   b. Pabayaan ang kapuwa bata at hindi siya papansinin.
   c. Kakausapin ang mga kaibigan na isali ang bata sa laro.
   d. Manghingi muna ng pagkain sa bata para isali siya sa laro.

4. May programa sa inyong paaralan na tinatawag na *coastal clean-up.* Gusto mong sumali, ngunit alam mo na hindi ka papayagan ng iyong mga magulang. Ano ang gagawin mo?
   a. Hindi na lang sasali.
   b. Magagalit sa magulang.
   c. Sasali nang hindi magpapaalam sa mga magulang.
   d. Kakausapin ang mga magulang at magpapaliwanag nang maayos upang makasali sa *coastal clean-up.*

5. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng katangian ng pakikiisa at kasiyahan sa mga gawaing pambata?
   a. Tumutulong sa ibang bata
   b. Masayang kasama ang ibang bata
   c. Hindi nakikipag-away kung nakikipaglaro
   d. Lahat ng nabanggit

# *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Gumawa ng isang ***indoor activity list***. Itala lahat ng ginawa mong pakikiisa sa mga gawaing pantahanan sa loob ng isang linggo. Pumili ng limang gawain at isulat ang mga ito sa iyong kuwaderno. Sa may kaliwang bahagi, ilagay ang pinakanagustuhan mong gawain, at sa kanan naman ay ang iyong natutuhan sa gawain.



# *Susi sa Pagwawasto*

**Subukin**

c
d
d
maaaring b o d
d

**Balikan**

Maaaring magkakaiba ang sagot ng mga bata.

**Tuklasin**

Maaaring magkakaiba ang sagot ng mga bata.

**Suriin**

Maaaring magkakaiba ang sagot ng mga bata.

**Pagyamanin**

Maaaring magkakaiba ang sagot ng mga bata.

**Isaisip**

Maaaring magkakaiba ang sagot ng mga bata.

**Isagawa**

Maaaring magkakaiba ang sagot ng mga bata.

**Tayahin**

d
c
c
d
d

**Karagdagang Gawain**

Maaaring magkakaiba ang sagot ng mga bata.

# *Sanggunian*

Maria Carla M. Caraan et. al. *Edukasyon sa Pagpapakatao - ikatlong baitang: kagamitan ng mag-aaral sa sinugbuanong binisaya.* Unang Edisyon. Edited by Erico M. Habijan at Irene C. De Robles. Pasig City: Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat, 2014, 108-114.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph